


Hiram na Salitang Ginagamit sa Maiikling Kwento sa Magasing Liwayway (Enero-Hunyo, 1998)

CRISELDA H. GENON
MELBA B. IJAN
VENUS D. TAN

Abstrak

Nakatuon ang papel na ito sa pag-uuri-uri ng mga salitang hiram na ginamit ng mga manunulat ng maiikling kwento sa magasing Liwayway. Ginamit na batayan ng pagklasipika ng mga salitang hiram ang itinakda ni Santiago. Ang dalawang nakaugalian at karaniwan nang klasipikasyon ay ang ganap at di-ganap na paraan ng panghihiram. Inalam din sa papel na ito kung paano manghiram ng salita ang mga manunulat.

Sinasabing ang tao ang pinakamahalagang likha ng Diyos, hindi dahil sa kaanyuan nito kundi sa pagkakaroon nito ng kakaibang katangian tulad ng paggamit ng wika. Ang tao ang nilikha ng Diyos na nagkaroon ng kakayahan na magpahayag ng kanyang saloobin, damdamin at naiisip sa paggamit ng mga makabuluhang tunog na kanilang tinuhog at binigyang kahulugan. Mula sa konseptong ito, napatunayang sa salita umiikot ang buhay ng tao sa kanyang pakikisalamuha sa lipunang kanyang kinabibilangan.

 Gradweyt ng AB Filipino si MS. CRISELDA H. GENON at kasalukuyang nagtuturo sa Mangagoy High School, sa Mangagoy, Bislig, Surigao del Sur. Si MS. MELBA B. IJAN ay kasalukuyang contractual faculty ng Departamento ng Filipino at Ibang mga Wika ng CASS, MSU-IIT. Natapos niya ang kanyang MA sa Filipino sa eskwelahan ding tio.

Sa pagtakbo ng panahon unti-unting nadaragdagan ang kaalaman ng tao sa lahat ng larangan lalo na sa wikang kanyang sinasalita dulot ng mga impluwensya ng iba pang pangkat ng tao at ng walang tigil na pagpasok ng mga makabagong imbensyon.

Ang panahon ay nagbabago. Simula nang dumating ang mga dayuhan sa Pilipinas ay maraming mga pagbabago ang naganap sa ating lipunan, sa pulitika, sa edukasyon, sa kabuhayan at maging sa ating wika. Dahil sa buhay ang wikang ito, ito ay patuloy sa pagbabago. Kasabay ng pagbabagong ito ang pagkakaroon ng mga salitang naiwan at namamatay; may mga salita ring bigla na lamang sumusulpot, may nananatili at may naglalaho ayon na rin sa paggamit at pagtanggap ng taong bayan (Buensuceso et al., 1990).

Magpahanggang ngayon patuloy pa ring nagbabago ang wikang Filipino. Patuloy itong nanghihiram hindi lamang sa katutubong wika kundi pati rin sa wikang banyaga. Ang panghihiram ng isang wika ay hindi masasabing kahinaan para sa bansang nanghihiram. Isang paraan lamang ito ng pagpapayaman sa wika upang manatiling buhay na buhay. Ayon kay Santiago, ang panghihiram ay lehitimong gampanin ng alinmang buhay na wika. Nanghihiram ang Filipino sapagkat ito ay buhay na buhay. Hindi nagdegerate kahit lansakan ang panghihiram nito sa Ingles. Nagpapayaman lamang ito ng ating bokabularyo.

Ayon kay Almario, "*Ang wika ay kasintaas lamang ng taong gumagamit nito.*" Nangangahulugan ito na kung ang wika ay ginagamit ng mga tao sa mga usapang shobiz, tsismisan at sa iba pang hindi seryosong usapan hindi ito magiging intelektwalisado. Nasa tao ang pagiging intelektwal ng wika at para maging intelektwalisado ang wika ay kailangan na tumaas ang paggamit dito. Kailangang gamitin ito bilang kasangkapan sa diskusyong intelektwal o sa mataas na larangan ng karunungan o antas ng kaalaman, tulad halimbawa ng mga seminars, worksyap, conferences at sa mga seryosong usapan sa loob ng senado at maging sa korte. Sa ganitong paraan ay magiging intelektwalisado at posibleng magiging daan tungo sa pagiging istandardisado ng wikang Filipino.

Ang paggamit ng wikang Filipino sa matataas na larangan ng diskusyon o usapin sa ating lipunan ay larawan lamang ng pag-aangkop nito sa nagbabagong panahon lalo na sa larangan ng siyensya at teknolohiya.

Ang mabilis na pag-unlad at pagbabago ng wikang Filipino sa iba't ibang larangan ng pasulat at pasalita ang nakapukaw sa interes ng mga mananaliksik upang alamin ang saklaw ng panghihiram na nagaganap sa wikang ito. Ibig ng mga mananaliksik na makita kung ito ay madalas ding nangyayari sa mga akda sa magasing Liwayway, isang magasing sa paniniwala ng mga mananaliksik ay higit na nagkekeyter sa mga manunulat na taga-Luzon. At kung ito ay nangyayari, inalam kung anu-ano ang mga wikang siyang pinanghiraman ng mga manunulat ng magasing Liwayway.

Kaugnay naman sa panghihiram, nakita rin ng mga mananaliksik na ito ang problema hinggil sa paraan ng panghihiram ng mga salita, katutubo man o banyaga. Paano kung manghiram ng salita ang mga manunulat? Alin kaya ang higit na gamitin sa mga maiikling kwento sa magasing Liwayway? Ang panghihiram kaya nang walang pagbabago sa baybay? O ang panghihiram na naaayon sa bigkas Filipino at palabaybayang Filipino?

Ang mga kaganapan kaugnay sa panghihiram ng mga manunulat ng maiikling kwento dito sa Pilipinas, lalo na ng mga manunulat ng maiikling kwento sa magasing Liwayway, ang napagkasunduan ng mga mananaliksik na pag-aralan. Dagdag pa, nais din ng mga mananaliksik na makita kung paano nalilinang ang wikang Filipino sa kasalukuyan. Natutuguan kaya ng mga manunulat ng maiikling kwento sa magasing Liwayway ang probisyon hinggil sa wikang pambansa na nakasaad sa ating Saligang Batas?

Pangunahing layunin ng pag-aaral na tuklasin ang mga salitang hiram na ginagamit ng mga manunulat ng maiikling kuwento sa magasing Liwayway. Ang isyung mula Enero hanggang Hunyo, 1998 lamang ang pinagkunan ng mga datos.

Upang makita ang lawak ng panghihiram ng wikang Filipino, ang mga sumusunod na katanungan ang pinagsikapang sagutin:

1. Anu-anong mga salitang hiram ang ginamit ng mga manunulat sa maiikling kuwento sa magasing Liwayway?
2. Anong mga wika ang pinanghiraan?
3. Gaano kadalas gumamit ng mga hiram na salita ang mga manunulat ng maiikling kuwento sa magasing Liwayway?
4. Anong uri ng panghihiram ang ginamit ng mga manunulat na ito?

Sinaklaw ng pag-aaral ang pagtuklas sa mga salitang hiram mula sa mga banyaga at katutubong wika na ginamit ng mga manunulat sa maiikling kwento sa magasing Liwayway. Ang ginawan ng pag-aaral ay ang anim na buwang isyu mula Enero hanggang Hunyo 1998 sa nasabing magasin. Hindi sakop ng pag-aaral ang ibang isyu ng magasing Liwayway maliban sa nabanggit na. Ang nobela, komiks, showbiz at iba pang uri ng katha ay hindi rin sakop ng pag-aaral na ito.

Ginamitan ng palarawan o deskriptibong pagsusuri ang mga datos. Sa pagtitipon ng mga ito, ang pangunahing saligan ng mga datos ay ang anim na buwang isyu ng magasing Liwayway sa taong 1998. Ang seksyon ng maiikling kuwento lamang ang pinagkunan ng mga datos. Matapos maitala ang mga salitang hiram, sinangguni ng mga mananaliksik ang ilang diksyunaryo upang malaman o tiyakin ang wikang pinanggalingan o pinagmulan ng mga naitalang salita. Inalam din kung paano ang ginawang panghihiram ng mga salita.

Sa pagtatala ng mga salita ay kinuha muna ang salitang-ugat nito at ito ay tinapatan ng pangkalahatang bilang ng mga salitang hiram o nilapian.

Ang pag-uuri-uri ng mga hiram na salita ay ibinatay sa tuntuning itinakda ni Santiago hinggil sa paraan ng panghihiram sa wikang Ingles. Ang mga salitang nilapian subalit nananatili ang orihinal na baybay ay inihanay sa ganap na paraan ng panghihiram, samantalang ang mga salitang hiram na nilapian subalit ang baybay ay ayon sa palabaybayang Filipino ay inihanay naman sa di-ganap na paraan ng panghihiram.

Ang mga salitang pangnilalaman o *content words* lamang ang mga salitang ginamit sa pag-aaral. Ito ay ang pangngalan, pandiwa, pang-uri, at pang-abay. Hindi isinama ang mga salitang pangkayarian o *function words* tulad ng pang-angkop, pangatnig, pang-ukol at mga pananda. Kasama rin ng mga salitang pangnilalaman ang panggalang pantangi, panghalip at ang dalawang uri ng pang-abay: ang pang-abay na pang-agam at pang-abay na panlunan.

Frequency Count ang ginamit sa pagkuha ng porsyento na pinagbatayan ng pagraranggo.

Batay sa isinagawang pag-aaral, natuklasan ang mga sumusunod: (1) Ang mga wikang Aleman, Kastila, Ingles, Intsik at Pranses lamang ang wikang pinanghirmaman ng mga manunulat ng maiikling kwento sa magasing Liwayway; (2) Ang mga naitalang salitang hiram mula sa mga maiikling kuwentong ginamit mula sa magasing Liwayway ay umabot sa 1209 na bilang. Ito ay naaayon sa dalawang paraan ng panghihiram: ganap at di-ganap; (3) Ang mga salitang hiram na ganap ay umabot sa 512 o 42.34% samantalang 697 o 57.65% naman ang di-ganap na paraan ng panghihiram; (4) Sa limang wikang pinanghirmaman, ang wikang Kastila ang may pinakamaraming salitang hiram na naitala. Ito ay umabot sa 683 o 56.59%. Pangalawa sa dami ng mga salitang hiram ay mula sa wikang Ingles. Iilang salita lamang ang hiniram mula sa wikang Intsik at Pranses at iisang salita lamang mula sa wikang Aleman.

Batay sa natuklasan sa pag-aaral na ito ay ibinigay ang sumusunod na mga konklusyon: (1) Sa ginawang pag-aaral napatunayan na ang wikang Filipino ay patuloy sa pag-unlad at pagyaman sa pamamagitan ng panghihiram ng mga salita mula sa mga banyagang wika at maging ng mga letrang hiram sa alpabetong Filipino; (2) Sa kasalukuyang pag-aaral, masasabi na tunay na umuunlad at yumayaman ang wikang Filipino na nagtala ng mga salitang hiram sa loob lamang ng anim na buwang isyu at tanging sa maikling kuwento lamang na ito ay nakapagtala ng 1209 kabuuang bilang ng mga salita; (3) Nakita din sa pag-aaral na ang salitang hiram na bago pa lamang pumapasok para pang-angkop sa takbo ng ating panahon, lalo na yaong mula sa wikang Ingles, ang siyang ginagamitan ng ganap na paraan ng panghihiram. Ang salita namang matagal ng hiniram ng ating wika ang ginagamitan ng di-ganap na paraan ng panghihiram; (4) Sa pamamagitan ng mga kalagayang ito, natuklasan

ng mga mananaliksik na hindi lamang sa panahon ni Jose Corazon de Jesus nanghihiram ng mga salita. Ang ating mga ninuno ay matagal nang nanghihiram. Magpahanggang ngayon ay patuloy pa rin ang ating mga mamamayan sa paghihiram.

Nakita rin na kung gaano man karami ang mga salitang hiram sa wikang Ingles at Kastila, ganito naman kakaunti ang naitalang salitang hiram mula sa wikang Aleman, Intsik at Pranses. Sa kasamaang palad, wala ni isa man lamang na salita ang nahiram mula sa katutubong wika ng Pilipinas. Nangangahulugan lamang ito na masyadong mababa ang tingin ng mga manunulat na taga-Luzon sa mga katutubong wika ng bansa. Mangyari hindi nakita ng mga manunulat na ito, ang malaking maitutulong ng mga bernakyular sa ikauunlad ng isang wikang pambansa. Maaari ring masyadong malakas ang impluwensya ng wikang Ingles sa mga nasabing mga manunulat kung kaya sa wikang ito lamang sila nanghihiram.

Batay sa nabuong konklusyon sa itaas, inirerekomenda ang mga sumusunod: (1) Magsagawa ng iba pang pag-aaral tungkol sa panghihiram ng salita sa ibang uri ng teksto. Sa ganitong paraan lubos na makikita ang ginawang panghihiram sa mga akdang nalalathala sa kasalukuyang panahon. (2) Magsagawa ng mga pag-aaral sa wika hindi lamang sa pasulat na paraan kundi maging iyong ginagamit sa pasalitang paraan. Isang malaking tulong ito na magpapatunay na hindi lang nangyayari ang panghihiram sa dalawang magkaibang kasanayan (3) Ituro sa loob ng klase ang mga pagbabagong maaaring pagdaanan ng isang wikang dinamiko. Makakatulong ito ng malaki upang lubusang ipaunawa sa mga mag-aaral ang kahalagahan ng isang wika sa bansang nais magtatag ng lipunang nagkakaunawaan at nagkakaisa. (4) Alamin ang mga dahilan kung bakit walang manunulat ng maiikling kwento sa magasing Liwayway ang nanghihiram ng salita mula sa katutubong wika ng Pilipinas. Maaring magising at mamulat ang ilang manunulat sa katotohanang may halaga at malaking papel ang wikang katutubo sa lipunang tulad ng Pilipinas. (5) Magsagawa ng mga tumbasang diksyunaryo sa mga katutubong wika ng Pilipinas. Malaking ambag ito sa pagpapaunlad sa bokabularyo ng wikang Filipino at maging sa pag-iingat sa isang yamang unti-unti ng nawawala dahil sa modernisasyon.

Bibliograpi

Almario, Virgilio S. ed. 1984. **Jose Corazon de Jesus: Mga Piling Tula**. Metro Manila: Aklat Balagtasyana.

An Lim, Jaime at Christine Godinez – Ortega, ed. 1997. **The 3rd Iligan National Writers Workshop: Wardsmith and Archipelagoes**. OVCRE, MSU-IT.

- Arrogante, Jose A., et al. 1987. **Kakayahan sa Pakikipagtalastasang Pangkolehiyo (Binagong Edisyon)**. Manila: National Book Store.
- Buensuceso, Teresita S., et al. 1990. **Masaklaw na Filipino**. Manila: Rex Book Store.
- Constantino, Pamela C., et al. 1985. **Wika, Linggwistika at Bilinggwalismo sa Pilipinas**. Quezon City: Rex Printing Company, Inc.
- Gonzales, Lydia Fer ed. 1983. "Ang Maitutulong ng Kaalaman ng Ilang Wika sa Pagtuturo ng Wikang Pambansa." **Kawika**. Bol II Blg. 1 Hunyo. MSU-IIT
- Magracia, Emma at Angelina L. Santos. 1984. "**Pag-uuri-uri ng Bokabularyo ng Pilipino sa mga Paaralang Pangkolehiyo sa Siyudad ng Iligan.**" *Report ng Pananaliksik na Hindi Nakalimbag*. Sentrong Pangkoordinasyon sa Pananaliksik at Pagpapaunlad. MSU-Iligan Institute of Technology.
- Tinio, Rolando S. 1990. **A Matter of Language: Where English Fails**. Diliman Quezon City: University of the Philippine Press.
- Tumangan, Alcomtiser S. Jr., et al. 1997. **Pagbasa at Pagsulat sa Iba't ibang Disiplina**. Makati City: Grandwater Publications and Research Corporation.
- _____. 1997. **Sining ng Pakikipagtalastasan**. Makati City: Grandwater Publications and Research Corporation.
- Ang Wikang Filipino sa Information Age**. 1997. Maynila: Komisyon ng Wikang Filipino
- Ang KWF at Ang Intelektwalisasyon ng Filipino**, 1998. Maynila: Komisyon ng Wikang Filipino.
- Sangwika**, 1997. "Ang Deskripsyon ng Filipino" Enero-Marso.